



PATNUBAY SA MISA



6 Nobyembre 2016

Ika-32 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong K

Sumasampalataya Tayo sa Diyos ng Buhay

Habang patuloy nating ipinagdarasal ngayong Nobyembre ang mga yumao natin, ipinaaalaala sa atin ng paksa ngayon ang isang batayang katotohanan ng ating pananampalataya – ang muling pagkabuhay ng lahat ng tao sa wakas ng panahon. Sa gayong panahon natin tatanggapin sa Dakilang Hukom, kahit na sa ating mga katawan, ang gantimpala o parusang marapat sa ating naging pamumuhay.

Dahil sa ganitong katotohanan kung kaya tayo nagsisikap mamuhay nang tapat. Ipinaaalaala rin nitong ang mga katawan natin ay sagrado at sa gayo’y marapat gamitin para sa kaluwalhatian ng Diyos, hindi para sa demonyo. Ayon sa ating pananampalataya, maagnas man ng kamatayan ang ating mga katawan, bubuhayin itong muli ng malikhaing kapangyarihan ng Diyos sa kaganapan ng ating pagkatao, pagkat Siya ang “Diyos ng Buhay” at hindi ng mga patay. Ito ang ipinahahayag natin sa bawat pagdiriwang ng Eukaristiya at kung bakit tayo umaasa sa ating muling pagkabuhay.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

D'yos ko, ako'y iyong dinggin. Pakinggan sa pagdalangin, tulungan sa aking daing. Pandinig mo ay ikiling sa pagluhog ko't paghiling.

Pagbati

P– Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pagmamahal ng Diyos Ama, at pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga Banal na Misteryo ngayong Linggo, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin sa Panginoon ang kapatawaran at lakas. *(Manahimik sandali.)*

P– Para sa paglimot natin sa ating panghabang panahong kapalaran at pamumuhay nating naghahanap lamang ng ginha-

wa, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Para sa pagdududa natin sa ating kapwa at pagbibingibingihan sa kanilang paghingi ng tulong, Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P– Para sa ating pagiging sanhi ng paghihirap ng ating mga kapatid sa pamayanan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong

angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, para mo nang awang ilayo sa amin araw-araw ang lahat ng mga sumasalungat sa amin at humahadlang upang ang aming buong katauhan ay magkaroon ng kalayaan para kusang sundin ang iyong kalooban sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

**PAGPAPAHAYAG NG
SALITA NG DIYOS**



Unang Pagbasa 2 Mcb 7:1-2,9-14

Pananalig sa muling pagkabuhay ay siyang di-matinag na moral na tibay ng kalooban ng pitong martir at ng kanilang ina sa pagbasa para ngayon, upang matiis nila ang masidhing pahirap dahil sa kanilang katapatan sa Panginoon.

L – Pagpapahayag mula sa Ikalawang Aklat ng Macabeo

Noong mga araw na iyon, isang ina at ang kanyang pitong anak na lalaki ang ipinahuli ng hari. Sila'y pinahirapan para piling kumain ng karneng baboy na ipinagbabawal ng Diyos. Isa sa mga anak ang nangahas tumayo at nagsalita, “Ano ba ang inyong ibig mangyari sa pagpapahirap sa amin? Matamis pa sa amin ang mamatay kaysa lumabag sa mga kautusan ng aming ninuno!”

Bago namatay, sinabi ng ikalawang anak nang malakas sa hari, “Kasumpa-sumpang halimaw! Maari mong kunin ang buhay namin dito sa lupa, ngunit bubuhayin kaming muli ng Hari ng buong daigdig upang hindi na muling mamatay, sapagkat sinusunod namin ang kanyang mga utos.” Ganoon ding parusa ang sinapit ng ikatlong anak. Noong siya'y utusang ilawit ang kanyang dila, ginawa niya ito agad at walang atubiling iniabot ang kanyang mga kamay. Ganito ang sinabi niya, “Tinanggap ko ang mga kamay na ito buhat sa langit. Subalit mas mahalaga para sa akin ang mga utos ng Diyos, at umaasa akong ibabalik niya ang mga kamay ko.” Pati ang hari at mga tauhan niya'y humanga sa ipinakita niyang tapang ng loob at sa pagiging handa sa pagtanggap ng pagpaparusa nila. Namatay rin ang ikatlong kapatid na ito. Isinunod namang parusahan ang ikaapat sa ganito ring malupit na pamamaraan. Nang mamamatay na, sinabi nito, “Ako'y maligayang mamamatay sa kamay ninyo sapagkat alam kong ako'y muling bubuhayin ng Diyos. Ngunit ikaw, Antioco, ay walang pag-asang mabuhay uli.”

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 16
B – *Paggising ko, Poong sinta, sa piling mo'y magsasaya!*



* Dinggin mo po, Panginoon, ang tapat kong panawagan. Poon, ako ay dinggin mo, sa daing ko na tulungan; pagkat ako'y taong tapat, di nandaya kailanman, kaya ako'y sumasamong dalangin ko ay pakinggan. **B.**

* Palagi kong sinusundan ang landas mong itinakda, hindi ako lumilihis sa kanan man o kaliwa. Ang daing ko, Panginoon, ay lagi mong dinirinig, kaya ako'y dumudulog at sa iyo humihibik. **B.**

* Kung paanong sa mata mo'y lubos ang 'yong pag-iingat, gayon ako ingatan mo sa liliim ng iyong pakpak. Yamang ako ay matuwid, ang mukha mo'y mamamalas kapag ako ay nagising, sa piling mo'y magagalak. **B.**

Ikalawang Pagbasa 2 Tes 2:16-3:5

Ipinahahayag sa siping hango sa Ikalawang Liham ni San Pablo sa mga taga-Tesalonica ang kanyang malasakit sa mga mananampalataya. Ipinahahayag din nito ang kanyang hangaring magabayan ng Ebanghelyo ang marami pang tao.

L – Pagpapahayag mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica

Mga kapatid: Aliwin nawa kayo ng ating Panginoong Hesukristo at ng ating Diyos at Ama na umibig sa atin at sa kanyang habag ay nagbigay sa atin ng walang pagbabagong lakas ng loob at matibay na pag-asa. Bigyan nawa kayo ng matatag na kalooban upang inyong maipahayag at maisagawa ang lahat ng mabuti.

Sa wakas, mga kapatid, ipanalangin ninyo kami upang ang salita ng Panginoon ay mabilis na lumaganap sa lahat ng dako at dakilain ng lahat tulad ng ginawa ninyo.

Idalangin din ninyo na maligtas kami sa mga buktot at masasamang tao; sapagkat hindi lahat ay naniniwala sa salita ng Diyos. Tapat ang Panginoon. Bibigyan niya kayo ng

lakas at ililigtas sa Diyablo. Dahil sa Panginoon, malaki ang aming pagtitiwala na ginagawa ninyo at patuloy na gagawin ang mga sinabi namin sa inyo.

Akayin nawa kayo ng Panginoon tungo sa pag-ibig sa Diyos at sa pananatili kay Kristo.

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Aleluya Pah 1:5a,6b

B – Aleluya! Aleluya!
Sa yumao'y s'yang panganay si Hesus na Poong mahal na dapat nating idangal.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 20:27-38

Layunin ng mga Saduseong ipahiya si Hesus. Ngunit ang kanilang pagtatanong ay naging pagkakataon lamang para malinaw na ulitin ni Hesus ang tungkol sa muling pagkabuhay at ilan sa mga katangian ng mga “anak ng muling pagkabuhay.”

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, may ilang Saduseo na lumapit kay Hesus. Ang Saduseo'y hindi naniniwala na muling bubuhayin ang mga patay. “Guro,” anila, “naglagda po si Moises ng ganitong batas para sa amin: ‘Kung mamatay ang isang lalaki at maiwang walang anak ang kanyang asawa, ang kapatid na lalaki'y dapat pakasal sa balo upang magkaanak sila para sa namatay.’ May pitong magkakapatid na lalaki. Nag-asawa ang panganay, at namatay na walang anak. Napakasal sa balo ang pangalawa, at namatay. Gayon din ang nangyari sa pangatlo hanggang sa pampito: isa-isang napangasawa ng babae at pawang namatay na walang anak. Sa kahulihuliha'y namatay naman ang babae. Sa muling pagkabuhay, sino po sa pito ang kikilalaning asawa niya yamang napangasawa niya silang lahat?”

Sumagot si Hesus, “Sa buhay na ito, ang mga lalaki at mga babae'y nag-aasawa, ngunit ang mga lalaki't babaing karapat-dapat na muling buhayin para sa kabilang buhay ay hindi na mag-aasawa. Hindi na sila mamamatay sapagkat matutulad sila sa mga anghel. At sila'y mga anak ng Diyos yamang muli silang binuhay. Maging si Moises ay nagpapatunay na muling binubuhay ang mga patay. Sapagkat sa kanyang kasaysayan

hinggil sa nagliliyab na mababang punongkahoy, ang Panginoon ay tinawag niyang 'Diyos ni Abraham, Diyos ni Isaac, at Diyos ni Jacob.' Ngunit ang Diyos ay hindi Diyos ng mga patay kundi ng mga buhay – sa kanya'y buhay ang lahat." Sinabi ng ilan sa mga eskriba, "Magaling ang sagot ninyo, Guro!" At wala nang nangahas na magtanong sa kanya ng anuman.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Natitipon ng pagmamahal ng Diyos at ng ating pananampalataya't pag-asa, manalangin tayo sa Panginoon para sa mga nabubuhay at mga yumao. Tugon natin ay:

B – Panginoon ng Buhay, dinggin Mo kami!

* Para sa angkan ng lahat ng sumasampalataya na matatagpuan sa buong mundo: Nawa lagi silang magbigay-saksi sa kanilang pananampalataya sa muling pagkabuhay sa paraan ng kanilang pamumuhay. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa at lahat nating pinunong espirituwal: Nawa makahango sila ng lakas sa mga martir ng matandang panahon para mapaglabanan ang mga kaharap na pagsubok. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga di naniniwala sa muling pagkabuhay: Nawa magpag-isip nilang ang buhay natin sa lupa ay may kahulugan lamang kung tatanggapin natin sa Diyos ang angkop na gantimpala sa ating mga pagsisikap. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga nagsisikap para sa katarungan at kapayapaan sa ating bayan at sa iba pang panig ng mundo: Nawa magpatuloy sila sa mabuting gawa, kahit na wala silang inaasahang tulong. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga nagdurusa at malapit nang lumisan sa mundong ito: Nawa manalig sila nang tapat sa walang hanggang awa ng Panginoon habang tumatanaw sila sa kanilang muling pagkabuhay. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – Panginoon, ang buhay namin nawa'y maging angkop sa pananalig namin sa muling pagkabuhay. Nawa mabuhay kaming laging kasama Mo. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Hesus na aming Panginoon.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang paghahain ng mga natitipon dito upang ang aming ginaganap na pag-aalay ng sarili ng Anak mo ay aming pakinabangan sa kanyang pamamagitan kasama ng Espiritu

Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen!**

Prepasyo VI

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo'y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Pastol kong nagtataguyod ang Panginoong aking D'yos; di ako maghihikahos. Pagkai'y kanyang kaloob, inumin ay kanyang dulot.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, tinatanaw naming utang na loob ang banal na pakikinaabang at iniluluhog naming ang Espiritu Santo ay mag-umapaw sa kalooban naming kanyang tinitigib ng iyong kadakilaan upang ang iyong kagandahang-loob ay manatili sa amin palagian

sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo mag-pasawalang hanggan.

B–Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B–Salamat sa Diyos!

Sumasampalataya Tayo sa Muling Pagkabuhay ng mga Yumao

Siakala ng mga Saduseong lumapit kay Hesus na madali nilang malilinlang si Hesus sa paghaharap sa kanya ng kaso ng babaeng sunud-sunod na napakasal sa pitong magkakapatid. Layunin nilang patunayang tama sila at wala ngang “muling pagkabuhay ang mga yumao.”

Subalit lumabas lamang kung gaano sila kamali sa pakahulugan sa “muling pagkabuhay” at “kabilang buhay.” (*Sangguniin Mc 12:24 at Lu 20:39.*)

Ang isip ng tao, sa ganang sarili, ay hindi nakatitiyak sa muling pagkabuhay ng mga yumao o kaya’y may malungkot na pakahulugan sa kabilang buhay, gaya ng makikita sa mga mitolohiyang Griego at Latin. Tanging banal na pagpapahayag lamang ang tumitiyak sa ating *may buhay pa pagkatapos ng kamatayan at muling mabubuhay ang mga nangamatay.*

Gayunman, ang muling pagkabuhay ay di naman para lamang ikalawang bahaging karugtong ng “buhay sa lupa.” Sabi nga ni Hesus, “Ang mga karapat-dapat na muling buhayin para sa kabilang buhay . . . ay hindi na mamamatay sapagkat matutulad sila sa mga anghel” (*Lu 20:35-36*). Pinaaalalahanan ni San Pablo ang mga taga-Corinto at tayo na “Ganyan din ang muling pagkabuhay. Ang katawang inilibing ay nabubulok, ngunit di mabubulok kailanman ang katawang muling binuhay . . . Kung may katawang panlupa, mayroon ding katawang panlangit.” (*1 Cor 15:42-44. Sangguniin din Fil 3:21.*)

Ang buhay ng mga “anak ng muling pagkabuhay,” kung gayon, ay iba nga sa ating buhay ngayon. Gayunman, *kaugnay* pa rin nito sapagkat ito ay *depende* sa kung paano tayo namuhay sa lupa. Kaya nga, may “*kabaguhan*,” ngunit mayroon ding “*pagka-kaugnay*.”

Ang gayong “pagkakaugnay” ay tumutugon sa pagkakahirap ng mga “Saduseo” ng ating panahon na di naniniwala sa “kabilang buhay” at sa muling pagkabuhay ng mga yumao, sa dahilang pumipigil ito sa ating pagpapahalaga sa buhay na ito at sa mundong ito.

Sa katunayan, ang mga tumatanggi sa ganitong paniwala sa kabilang buhay ay siyang ikinapagiging walang halaga ng buhay at walang saysay ng mga kapangakuan. Kung kamatayan ang katapusan ng isang tao, paano pang magiging mahalaga ang nagawa ng isang tao o ang kasaysayang pantao? Para itong isang treng patungo sa malalim na bangin.

Ang pansagot ng mga di sumasampalataya laban sa mga naniniwala sa muling pagkabuhay ng mga yumao ay walang batayan. *Para sa isang taong tunay na naniniwala sa kabilang buhay na maayon sa pamumuhay natin dito, dapat lang seryosohin ang buhay rito*, pagkat iyon lamang ang tanging pagkakataon at sitwasyong ikapagtatamo nila ng “credits” para sa kanilang walang hanggang buhay na sasapitin.

Sa “pananaw-pananampalataya” ng mga nana-nalig, ang buong buhay ng isang tao ay sadyang may “direksiyon” at kahulugan. Kahit na mamatay ang isang tao, mayroon pa rin siyang tatanawin. Ang gayong pananaw ay nakapagpapahalaga pa rin kahit na sa mga pagkatalo sa buhay na ito. Nakapagbigay ito ng lakas sa mga martir upang matiis nila ang mga pahirap at kamatayan nang buong hinahon at pag-asang di alam ng mga hindi naniniwala sa kabilang buhay. (*Sangguniin ang Unang Pagbasa para ngayon.*)

Gayunman, sukat din nating masabing *bagamat siniseryoso natin ang buhay na ito*, ang tingin natin dito ay makatotohanan – isang pansamantalang kaloob ng Diyos upang ihanda tayo para sa isang lalong dakilang biyaya – buhay na walang hanggang magiging ganap kapag nagsama nang muli ang ating mga kaluluwa at ating mga katawang nagbagong-anyo.

Ganyan ang nakapagpapasiglang pangitaing dulot ng ating pananampalatayang Kristiyano – pangitaing hindi gawang tao lamang. Bagkus, ito ay batay sa Salita ng Diyos, lalo na sa turo ni Hesukristo at sinasagutan ng kanyang Muling Pagkabuhay. (*Sangguniin 1 Cor 15:12-23.*)



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio, V. David

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan